Ipapaliwanag ng resource na ito kung ano ang iyong maaasahan kapag tumatanggap ka ng virtual care mula sa iyong doktor o siruhano.

Ang virtual care ay tumutukoy sa medikal na pangangalaga na ibinibigay sa pamamagitan ng teknolohiya at hindi nang personal; ang mga halimbawa nito ay sa telepono o gamit ang online video conferencing (tulad ng Zoom o kaya FaceTime).

subukang maunawaan ang anumang hadlang na maaaring hinaharap mo sa paglahok sa virtual care (tulad ng limitadong access sa teknolohiya), at tugunan ang mga hadlang na ito hangga't maaari
siguraduhing mayroon siyang angkop na training at skills upang kausapin ka gamit ang virtual care

sabihin ang kanyang pangalan, kung nasaan siya, kung saan siya lisensyado, kung anong uri ng doktor o siruhano siya, at dapat niya kompirmahin ang iyong identidad kung ito ang inyong unang pagkikita
ipaliwanag sa iyo ang pagiging angkop, ang mga limitasyon, at mga isyu sa pagka-pribado ng virtual care sa una mong virtual care visit sa kanya
siguraduhing nalalaman mo kung may sinomang iba pa na maaaring lumahok sa virtual care visit (tulad ng ibang mga propesyonal sa health care)
bigyan ka ng angkop na medical assessment batay sa iyong mga kasalukuyang sintomas o kondisyon, kasaysayan, gamot, at limitadong pisikal na eksaminasyon
isipin kung ang virtual care ay ang pinakaangkop na paraan upang bigyan ka ng pangangalaga; at kung kinakailangan ang in-person assessment, dapat

niya iiskedyul ang napapanahong in-person assessment na gagawin niya o ng ibang doktor o nurse practitioner

siguraduhin na kung kailangan mo ng referral sa isang espesyalista, ikaw ay angkop na maaaseso muna

hindi magreseta ng mga opioid na gamot, psychotropic na gamot, o cannabis sa iyo maliban kung kasalukuyan ka niyang ginagamot, o kaya'y personal ka niya (o ng ibang lisensyadong health care practitioner na diretso mong pinuntahan) ineksamin